# FIQH
# 1

**ISINALIN SA TAGALOG NI:**
**MOHAMMAD TAHA ALI**

# فقه

**[باللغة الفلبينية (تجالوج)]**

**ترجمة:**
**محمد طه علي**

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

# ANG KAHALAGAHAN NG KAALAMAN

Ang Allah ay nagsabi sa banal na Qur’an: ﴿يَرْفَعِ اللَّهُ الَّذِيْنَ آمَنُوْا مِنْكُمْ وَالَّذِيْنَ أُوتُوا الْعِلْمَ دَرَجَاتٍ﴾

{Itataas ng Allah yaong mga sumampalataya sa inyo at yaong mga pinagkalooban ng kaalaman sa matataas na mga antas}. Al-Mujadalah (58):11

At sinabi pa Niya: ﴿وَقُلْ رَبِّ زِدْنِيْ عِلْماً﴾

{At sabihin mo (O Muhammad ﷺ): Panginoon ko dagdagan Mo ako ng kaalaman}. Taha (20):114

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، قَالَ: «قَالَ رَسُوْلُ اللهِ ﷺ: (وَمَنْ سَلَكَ طَرِيْقًا يَلْتَمِسُ فِيْهِ عِلْمًا،سَهَّلَ اللهُ لَهُ بِهِ طَرِيْقًا إِلَى الْجَنَّةِ)». رَوَاهُ مُسْلِمٌ

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: “Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: [At sinuman ang tumahak sa isang landas nang naghahanap rito ng kaalaman, pagagaanin ng Allah sa kanya sa pamamagitan nito ang isang daan patungo sa Paraiso]”. Isinalaysay ni Muslim

# ANG MGA PINAGKUKUNAN NG BATAS NG ISLAM

1. **Quran** (ang banal na Aklat ng Allah).
2. **Sunnah** (ang salawikain, gawain, katangian at kapahintulutan ni Propeta Muhammad ﷺ).
3. **Ijma** (ang napagkaisahan ng mga mabubuting sinaunang ninuno).

Pumapasok din rito ang isa pang mapananaligang pinagkukunan ng batas sa Islam: ang **Qiyas** (paghahambing sa kahatulan ng dalawang bagay).

# ANG MGA HALIGI NG ISLAM

**Ang kahulugan ng Islam:**

Ito ay ang pagsuko sa Allah (ang tunay na diyos, ang karapat-dapat sambahin lamang) at ang pagtalima sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

**Ang limang haligi ng Islam:**

1. Ang **Shahadah** (pagsasaksi at pagpapatunay na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay Sugo ng Allah).
2. Ang **Salah** (pagsasagawa ng pagdarasal).
3. Ang **Zakah** (pamamahagi ng katungkulang kawanggawa).
4. Ang **Siyam** (pag-aayuno sa buwan ng Ramadan).
5. Ang **Hajj** (pagsasagawa ng Hajj sa sagradong Tahanan ng Allah, ang Ka`bah).

# Ang unang Haligi
# SHAHADAH (PAGSASAKSI)

Ang Allah ay nagsabi sa banal na Qur'an: ﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُوْنِ﴾

{At hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang Ako'y kanilang sambahin}. Adh-Dhariyat (51):56

At sinabi pa Niya: ﴿قُلْ إِنَّ صَلَاتِيْ وَنُسُكِيْ وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِيْ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِيْنَ﴾

{Sabihin mo (o Mohammad ﷺ): Katotohanan ang aking Salah (dasal) at ang aking paghandog (ng hayop) at ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para lamang sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang}. Al-An`am (6):162

**Ang kahulugan ng Ibaadah:**
Ito ay ang lahat ng naiibigan ng Allah at kinagigiliwan sa mga gawain at salita, maging lantad man o lihim.

**Ang Shahadah (Pagsasaksi):**
**Ash-hadu alla ilaaha illallah wa ash-hadu anna Muhammadan rasoolullah** (Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah, at si Muhammad (ﷺ) ay tunay na Sugo ng Allah).

**A. Ang pagsasaksi na walang ibang diyos maliban sa Allah:**
Ang katagang nagpapahayag sa kaisahan ng Diyos o ang Shahadah **(Laa ilaaha illallah)** ay ang saligan ng pananampalatayang Islam. Ang **Laa ilaaha illallah** ay may dakilang kalagayan sa Islam, sapagkat ito ang una sa mga haligi ng Islam, at ang pagtanggap ng Allah sa mga gawa ng tao ay nakabatay sa katagang ito.

**Ang kahulugan nito:** Walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah lamang, at ito'y binubuo ng dalawang Saligan:

1. Ang pagtatakwil o pagkakaila sa pagkadiyos ng iba maliban sa Allah.
2. Ang pagpapatotoo sa tunay na pagkadiyos ng Allah lamang.

Sinabi ng Allah: ﴿ذَلِكَ بِأَنَّ اللَّهَ هُوَ الْحَقُّ وَأَنَّ مَا يَدْعُوْنَ مِنْ دُوْنِهِ هُوَ الْبَاطِلُ﴾

{Iyon ay dahil sa ang Allah ay Siya ang Katotohanan, at ang anumang tinatawagan nila bukod sa Kanya ay siya ang huwad}. Al-Hajj (22): 62

**Ang ibig sabihin nito:** Hindi ipinahihintulot na ibaling ang anumang uri ng pagsamba sa iba bukod pa sa Allah.

Sinabi ng Allah: ﴿وَمَنْ يَدْعُ مَعَ اللَّهِ إِلَهًا آخَرَ لَا بُرْهَانَ لَهُ بِهِ فَإِنَّمَا حِسَابُهُ عِنْدَ رَبِّهِ إِنَّهُ لَا يُفْلِحُ الْكَافِرُوْنَ﴾

{At sinuman ang tumawag sa ibang diyos bilang katambal ng Allah nang wala siyang anumang katibayan hinggil dito, magkagayon ang kanyang pakikipagtuos ay nasa kanyang Panginoong (Allah). Katotohanan, hindi nagtatagumpay ang mga di-sumasampalataya}. Al-Mu'minun (23): 117

Samakatuwid, ang sinumang magsabi ng **Laa ilaaha illallah** at nalalaman niya ang kahulugan nito at kumikilos sa itinatadhana nito gaya ng pagtanggi sa **Shirk** (pagtatambal sa kaisahan ng Allah) at pagkilala sa kaisahan ng Allah na may kasamang matatag na pananalig sa isinasaad nito at may kasamang pagkilos ayon dito, siya ang tunay na Muslim. Ang kumikilos naman ayon sa itinatadhana nito, ngunit hindi naniniwala rito ay tinatawag na **Munafiq** (nagkukunwaring Muslim). At ang sinumang kumikilos nang salungat sa itinatadhana nito, gaya ng paggawa ng **Shirk**, siya ay **Mushrik** (taong nagtatambal sa kaisahan ng Allah) at **Kafir** (taong di sumasampalataya sa Allah) kahit bigkasin pa man niya ang Shahadah.

Ang dakilang salita na ito ay hindi magdudulot ng kabutihan sa nagwika nito, ni hindi ito makapagpalabas sa kanya mula sa kuwelo ng **Shirk** maliban kung kanyang alam ang kahulugan nito, isinagawa at pinaniwalaan.

**B. Ang pagsasaksi na si Muhammad (ﷺ) ay Sugo ng Allah:**

Tayo ay sumaksi at maniwala na si Muhammad (ﷺ) ay isang alipin ng Allah at Kanyang Sugo, at siya ang sagka ng mga Propeta at mga Sugo. Dapat tayong manatili sa pagsunod sa kanya sa anumang ipinag-utos niya at paniwalaan natin siya sa anumang ipinahayag niya at iwaksi natin ang anumang ipinagbawal niya at ikinagagalit, at na huwag tayo sumamba sa Allah maliban ayon sa anumang itinakda niya at ipinag-utos. Kaya tungkulin nating mahalin siya. Datapuwa’t ang pagmamahal sa kanya ay ang pagsunod sa kanya, sapagkat ang lahat ng kanyang dinalang katuruan ay nagbuhat sa Allah lamang at hindi sa ganang kanyang sarili.

## Ang ikalawang Haligi
## SALAH (PAGDARASAL)

Marahil ay sa bandang huli na lang natin tatalakayin ang saligan na ito.

## Ang ikatlong Haligi
# ZAKAH (KAWANGGAWA)

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَأَقِيْمُواْ الصَّلَاةَ وَآتُواْ الزَّكَاةَ وَأَطِيْعُواْ الرَّسُوْلَ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُوْنَ﴾

{Itatag ninyo ang **Salah** (dasal) at ibigay ninyo ang **Zakah** (kawanggawa), at sumunod kayo sa Sugo (ﷺ), baka sakaling kahabagan kayo (ng Allah)}. An-Nur (24):56

**Ang kahulugan ng Zakah:**
Ito ay isang ubligadong kawanggawa sa kayaman ayon sa mga natatakdaang kondisyon, para sa mga partikular na grupo, at piling panahon.

**Ang mga pakinabang ng Zakah:**
1- Una sa lahat, ito ay pagsunod sa Allah.
2- Natutulungan ang mga mahihirap at mga dukha.
3- Pinadadalisay ang tao mula sa katakawan sa pera at tinuturuan nito sa pagkamatulungin.

**Ang mga kayamanan na kanais-nais kunan ng Zakah:**
1- Ang ginto, pilak (at ang pera).
2- Ang mga ari-arian na kusang inilaan para sa pangangalakal: (tulad ng sasakyan, lupa, hayop, atbp.)
3- Ang kawan ng mga hayop (tulad ng kamelyo, baka at tupa).
4- Ang mga butil at bunga (tulad ng bigas, mais, bungang kahoy atbp.)

**Ang mga may karapatang tumanggap lamang ng Zakah:**

Sinabi ng Allah:
﴿إِنَّمَا الصَّدَقَاتُ لِلْفُقَرَآءِ وَالْمَسَاكِيْنِ وَالْعَامِلِيْنَ عَلَيْهَا وَالْمُؤَلَّفَةِ قُلُوْبُهُمْ وَفِي الرِّقَابِ وَالْغَارِمِيْنَ وَفِيْ سَبِيْلِ اللهِ وَابْنِ السَّبِيْلِ فَرِيْضَةً مِّنَ اللهِ وَاللهُ عَلِيْمٌ حَكِيْمٌ﴾
{Ang mga **Sadaqah** (o **Zakah**) ay para lamang sa mga mahihirap, at mga dukha, at sa mga lumilikom nito, at sa mga taong sinasanay ang kanilang kalooban (sa Islam), at sa mga bihag (upang ipantubos), at sa mga baon sa utang (na walang ipambayad), at sa landas ng Allah, at sa manlalakbay (na kinapos ng panustos sa daan, kahit mayaman pa siya sa lugar niya), (ang mga ito ay) isang itinakdang kautusan mula sa Allah, at ang Allah ay Maalam, Matalino (ganap sa paggawa)}. At-Tawbah (9): 60

## Ang ika-apat na Haligi
# SIYAM (PAG-AAYUNO)

Sinabi ng Allah: ﴿يَأَيُّهَا الَّذِيْنَ آمَنُوْا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِيْنَ مِنْ قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُوْنَ﴾

{O kayong mga nanampalataya, mahigpit na ipinag-utos sa inyo ang pag-aayuno, katulad ng pagka-utos sa mga nauna sa inyo, nang sa gayo'y magkaroon kayo ng takot (sa Allah)}. Al-Baqarah (2):183

**Ang kahulugan ng As-Siyam:**
Ito ay ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pagpigil sa pag-kain, inumin, pakikipagtalik at lahat ng nakakasira sa pag-aayuno, magmula ng bukang liwayway hanggang sa paglubog ng araw.

**Ang kahalagahan ng pag-aayuno:**

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، «أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: (قَالَ اللهُ عَزَّ وَجَلَّ : كُلُّ عَمَلِ ابْنِ آدَمَ لَهُ إِلَّا الصِّيَامَ فَإِنَّهُ لِيْ وَأَنَا أَجْزِيْ بِهِ ، وَالصِّيَامُ جُنَّةٌ فَإِذَا كَانَ يَوْمُ صَوْمِ أَحَدِكُمْ فَلَا يَرْفُثْ يَوْمَئِذٍ وَلَا يَصْخَبْ فَإِنْ سَابَّهُ أَحَدٌ أَوْ قَاتَلَهُ فَلْيَقُلْ : إِنِّيْ امْرُؤٌ صَائِمٌ وَالَّذِيْ نَفْسُ مُحَمَّدٍ بِيَدِهِ لَخُلُوْفُ فَمِ الصَّائِمِ أَطْيَبُ عِنْدَ اللهِ يَوْمُ الْقِيَامَةِ مِنْ رِيْحِ الْمِسْكِ وَلِلصَّائِمِ فَرْحَتَانِ يَفْرَحُهُمَا : إِذَا أَفْطَرَ فَرِحَ بِفِطْرِهِ وَإِذَا لَقِيَ رَبَّهُ فَرِحَ بِصَوْمِهِ)». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمٌ

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: [Sinabi ng Allah: Ang lahat na gawa ng anak ni Adam ay para sa kanya, maliban sa pag-aayuno sapagkat ito ay para sa Akin, at Ako (Allah) mismo ang gagantimpala nito, at ang pag-aayuno ay isang pananggalang, kapag ang isang araw na pinag-ayunuhan ng isa sa inyo, at hindi siya magsasalita ng mga masasamang salita (o makipagtalik sa asawa), at hindi makapagtataas ng boses (dahil sa galit), at kung sinumbatan siya ng isang tao o nakikipag-away ito sa kanya, ang dapat niyang sabihin: Ako ay isang taong nag-aayuno. (Kaya ang Propeta (ﷺ) ay nanumpa): Sumpa sa Kanya na ang buhay ni Muhammad ay nakasalalay sa Kanyang kamay, tunay na ang hininga na nanggagaling sa bibig ng isang nag-aayuno ay higit na mas mainam sa paningin ng Allah sa kabilang buhay kaysa sa halimuyak ng musk. Ang nag-aayuno ay may dalawang kasiyahan na kanyang ikasisiya, kapag siya ay nag-iftar (nag-almusal) siya ay masisiyahan sa kanyang pag-almusal, at kapag nakaharap na niya ang kanyang Panginoon (sa kabilang buhay), siya ay masisiyahan dahil sa (gantimpala na ipagkakaloob sa) kanyang pag-aayuno]". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

**Ang mga pakinabang ng pag-aayuno:**
1- Una sa lahat, ito ay isang pagsunod sa Allah.
2- Pagsasanay ng mga mananampalataya sa **At-Taqwah** (Ang pagsisiyasat sa Allah at pagkatakot sa Kanya, sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal).
3- Pag-aaral ng pagtitiis at katapatan.

**Ang mga nakasisira sa Pag-aayuno:**

1- Ang pagkain, pag-inom o paninigarilyo.
2- Ang mga katulad ng pagkain o pag-inom.
3- Ang pagsuka na sinasadya.
4- Ang pagpapakuha ng maraming dugo.
5- Ang regla o ang **Nifas** (dugong lumalabas dulot ng panganganak).
6- Ang paglabas ng punlay.
7- Ang pakikipagtalik.

## ZAKAT AL-FITR
## (Ang Kawanggawa na Ibinibigay sa Eid Al-Fitr)

1- Isang **Sa`a** (apat na dakot ng dalawang kamay) mula sa pangunahing pagkain ng bansa (trigo, bigas, atbp).
2- Ibinibigay ito ng bawat Muslim, maging ang maliliit sa kanila at malalaki para sa mga mahihirap at mga dukha.
3- Ibinibigay ito, isang araw o dalawang araw bago isagawa ang Salah sa Eid.

# Ang ikalimang Haligi
# HAJJ (PILGRIMAGE)

Sinabi ng Allah: ﴿وَلِلَّهِ عَلَى النَّاسِ حِجُّ الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيْلاً وَمَنْ كَفَرَ فَإِنَّ اللهَ غَنِيٌّ عَنِ الْعَالَمِيْنَ﴾

{At tungkulin ng sangkatauhan ang pagsasagawa ng Hajj sa Tahanan (Ka`bah) para sa Allah, sa sinumang may kakayahan tumungo rito, datapuwa't sinuman ang nagtatwa nito, tunay na ang Allah ay malaya sa pagpapala ng lahat ng nilalang}. Al-Imran (3): 97

## Ang tunay na layunin sa Hajj:

عَنْ عَائِشَةَ قَالَتْ: «قَالَ رَسُوْلُ اللهِ ﷺ: (إِنَّمَا جُعِلَ الطَّوَّافُ بِالْبَيْتِ وَبَيْنَ الصَّفَا وَالْمَرْوَةِ وَرَمْيُ الْجِمَارِ لِإِقَامَةِ ذِكْرِ اللهِ)».رَوَاهُ أَبُوْ دَاوُدُ وَالتِّرْمِذِيُّ

Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: "Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): [Ang pag-ikot (**Tawaf**) sa palibot ng Tahanan (**Ka`bah**), at sa pagitan ng **As-Shafa** at **Al-Marwah**, at ang paghagis ng mga mumunting bato (sa **Jamarat**), tanging ito'y itinakda upang itatag ang paggunita sa Allah]". Isinalaysay ni Abu Daud at At-Tirmidhi.

## Ang kahalagahan ng Hajj:

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ ، «أَنَّ النَّبِيَّ ﷺ قَالَ: (مَنْ حَجَّ فَلَمْ يَرْفُثْ، وَلَمْ يَفْسُقْ، رَجَعَ كَيَوْمِ وَلَدَتْهُ أُمُّهُ)». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمٌ

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: "Katotohanang ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: [Ang sinumang nagsagawa ng Hajj, at hindi siya nakapagsalita ng masasamang salita (o nakipagtalik sa kanyang asawa), ni hindi nakagawa ng kasuwailan sa Allah, siya ay bumalik (sa kanyang pinanggalingan), katulad ng araw ng pagkasilang sa kanya ng kanyang ina]". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim.

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، «أَنَّ النَّبِيَّ ﷺ قَالَ: (اَلْعُمْرَةُ إِلَى الْعُمْرَةِ كَفَّارَةٌ لِمَا بَيْنَهُمَا وَالْحَجُّ الْمَبْرُوْرُ لَيْسَ لَهُ جَزَاءٌ إِلَّا الْجَنَّةَ)».رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمٌ

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: "Katotohanang ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: [Ang Umrah sa isang Umrah ay paglilinis ng kasalanan sa pagitan nito, at ang katanggap-tanggap na Hajj, walang iginagawad na gantimpala rito maliban sa Paraiso]". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

## Ang mga kabutihan ng Hajj:

1. Una sa lahat, ito ay isang pagsunod sa Allah.
2. Ang paghahayag sa pangkalahatan ng Islam.
3. Ang paggunita sa araw ng pagbabangong muli.

## Ang ikalawang Haligi
# SALAH (PAGDARASAL)

Ang Allah ay nagsabi sa pamamagitan ng salita ni Propeta Ibrahim:

﴿رَبِّ اجْعَلْنِيْ مُقِيْمَ الصَّلَاةِ وَمِنْ ذُرِّيَّتِيْ﴾

{O aking Panginoon, gawin Mo po akong isang nagtataguyod ng Salah at pati na rin ang aking inapo}. Ibrahim (14): 40

Ang Allah ay nagsabi rin kay Propeta Musa: ﴿وَأَقِمِ الصَّلَاةَ لِذِكْرِيْ﴾

{At itaguyod mo ang Salah para sa paggunita sa Akin}. Taha (20): 14

Gayundin na ang Allah ay nagsabi sa pamamagitan ng salita ni Propeta Isa:

﴿وَأَوْصَانِيْ بِالصَّلَاةِ وَالزَّكَاةِ مَا دُمْتُ حَيًّا﴾

{At ipinagbilin Niya sa akin ang Salah at Zakah, habang ako'y nabubuhay}. Maryam (19): 31

Bagkus ipinag-utos ito ng Allah kay Muhamamd (ﷺ), at Kanyang sinabi:

﴿أُتْلُ مَا أُوْحِيَ إِلَيْكَ مِنَ الْكِتَابِ وَأَقِمْ﴾

{Basahin mo (O Muhammad) ang anumang ipinahayag sa iyo mula sa Aklat (Qur'an), at itaguyod mo ang Salah﴾. Al-Ankabut (29): 45

At pagkatapos ay inutusan Niya ang lahat ng mga mananampalataya at Kanyang sinabi:

﴿إِنَّ الصَّلَاةَ كَانَتْ عَلَى الْمُؤْمِنِيْنَ كِتَاباً مَّوْقُوْتاً﴾

{Katotohanan, ang Salah para sa mga mananampalataya ay may takdang oras}. An-Nisa' (4): 103

**Ang kahalagahan ng Salah:**

Ang Allah ay nagsabi sa Quran: ﴿إِنَّ الصَّلَاةَ تَنْهَى عَنِ الْفَحْشَآءِ وَالْمُنْكَرِ وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ﴾

{Katotohanan, ang Salah (pagdarasal) ay nakapipigil sa paggawa ng (lahat ng) mga kahiya-hiya at masamang gawa, at tunay na ang pag-aalaala sa Allah ang pinakadakila (sa lahat ng mga gawain)}. Al-Ankabut (29): 45

At sinabi pa Niya: ﴿وَالَّذِيْنَ هُمْ عَلَى صَلاَتِهِمْ يُحَافِظُوْنَ، أُوْلَئِكَ فِيْ جَنَّاتٍ مُّكْرَمُوْنَ﴾

{At sila na nangangalaga sa kanilang pagdarasal, sila ang magsisipanirahan sa mga Halamanan na pinaparangalan**}**. Al-Ma`arij (70): 34-35

عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ قَالَ: «فُرِضَتْ عَلَى النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ لَيْلَةَ أُسْرِيَ بِهِ الصَّلَوَاتُ خَمْسِينَ، ثُمَّ نُقِصَتْ حَتَّى جُعِلَتْ خَمْسًا، ثُمَّ نُوْدِيَ: يَا مُحَمَّدُ إِنَّهُ لَا يُبَدَّلُ الْقَوْلُ لَدَيَّ، وَإِنَّ لَكَ بِهَذِهِ الْخَمْسِ خَمْسِيْنَ... ». رَوَاهُ أحمد وَالتِّرْمِذِيُّ

Si Anas ibn Malik (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Ipinag-utos sa Propeta (ﷺ), sa gabing siya ay dinalang maglakbay patungong Jerusalem, ang salah nang (50) beses (isagawa sa loob ng isang araw), at pagkatapos ay binawasan ito hanggang sa ginawang lima, at pagkatapos ay may tumawag: [O Muhammad! Hindi napapalitan ang salitang mula sa Akin, katotohanang mapapasaiyo sa limang ito ang katumbas ng (50)]". Isinalaysay ni Ahmad at At-Tirmidhi

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ ، قَالَ: «سَمِعْتُ رَسُوْلَ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُوْلُ: (أَرَأَيْتُمْ لَوْ أَنَّ نَهْرًا بِبَابِ أَحَدِكُمْ يَغْتَسِلُ مِنْهُ كُلَّ يَوْمٍ خَمْسَ مَرَّاتٍ، هَلْ يَبْقَى مِنْ دَرَنِهِ شَيْءٌ ؟ قَالُوا: لَا يَبْقَى مِنْ دَرَنِهِ شَيْءٌ، قَالَ: فَذَلِكَ مَثَلُ الصَّلَوَاتِ الْخَمْسِ، يَمْحُو اللَّهُ بِهِنَّ الْخَطَايَا)». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمٌ

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsasabi: [Ipabatid ninyo sa akin, kung ang ilog ay nasa harap ng pintuan ng isa sa inyo, siya ay maligo rito nang limang beses sa araw araw, may matitira pa ba sa kanyang libag na bahagya?. Sila ay nagsabi: Wala nang matitira sa kanyang libag ni bahagya. Muli siyang nagsabi: Samakatuwid, sa gayon ang kahalintulad ng limang Salah, pinapawi ng Allah sa pamamagitan ng mga ito ang mga kasalanan]". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، قَالَ: «قَالَ رَسُوْلُ اللهِ ﷺ: (إِنَّ أَوَّلَ مَا يُحَاسَبُ بِهِ الْعَبْدُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ مِنْ عَمَلِهِ صَلَاتُهُ فَإِنْ صَلُحَتْ فَقَدْ أَفْلَحَ وَأَنْجَحَ وَإِنْ فَسَدَتْ فَقَدْ خَابَ وَخَسِرَ)». رَوَاهُ أحمد وَالتِّرْمِذِيُّ

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): [Tunay na ang pinakaunang sinisiyasat sa gawain ng isang alipin sa kabilang buhay ay ang tungkol sa kanyang Salah, samakatuwid, kung ito ay napabuti, tunay na siya ay magtatagumpay at maliligtas, datapuwa't kung ito ay napasama, samakatuwid tunay na siya ay nabigo at talunan]". Isinalaysay ni Ahmad at At-Tirmidhi

عَنْ بُرَيْدَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، قَالَ: «قَالَ رَسُوْلُ اللهِ ﷺ: (اَلْعَهْدُ الَّذِيْ بَيْنَنَا وَبَيْنَهُمْ الصَّلَاةُ، فَمَنْ تَرَكَهَا فَقَدْ كَفَرَ)». رَوَاهُ أَحْمَدُ وَأَصْحَابُ السُّنَنِ

Si Buraidah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): [Ang kasunduan na namamagitan sa amin at sa kanila (tumatangging sumampalataya) ay ang Salah, kaya sinuman ang umiwan nito, samakatuwid, tunay na siya ay tumangging sumampalataya]". Isinalaysay ni Ahmad at ng Ashab As-Sunan

# AT-TAHARAH
## (Ang Paglilinis)

**(A)- Ang ispirituwal na paglilinis (kadalisayang pang-ispirituwal):**
Ang kadalisayan ng puso mula sa kawalan ng pananampalataya, pagbabalat-kayo at pagkapoot sa kapatid na Muslim.

**(B)- Ang pisikal na paglilinis (sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Wudu o Ghusl).**
Ang paglilinis mula sa mga bagay na nakapagpapawalang bisa sa Wudu o Ghusl (tulad ng ihi, pakikipagtalik, atbp.), at pag-alis o pagtanggal sa mga maruruming bagay.

# AL-WUDU'
## (Ang Paghuhugas sa ibang Parte ng Katawan)

Ang Allah ay nagsabi:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِيْنَ آمَنُوْا إِذَا قُمْتُمْ إِلَى الصَّلَاةِ فَاغْسِلُوْا وُجُوْهَكُمْ وَأَيْدِيَكُمْ إِلَى الْمَرَافِقِ وَامْسَحُوْا بِرُؤُوْسِكُمْ وَأَرْجُلَكُمْ إِلَى الْكَعْبَيْنِ﴾

{O kayong mga nanampalataya, kung kayo ay magsasagawa ng Salah, inyong hugasan ang mukha ninyo, at ang mga kamay ninyo hanggang siko, at punasan ninyo ang inyong ulo, at (hugasan ninyo) ang inyong mga paa hanggang bukong-bukong}.Al-Maidah (5):6

**Ang kahalagahan ng Wudu':**

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، قَالَ: «قَالَ رَسُوْلُ اللهِ ﷺ: (إِذَا تَوَضَّأَ الْعَبْدُ الْمُسْلِمُ أَوِ الْمُؤْمِنُ فَغَسَلَ وَجْهَهُ خَرَجَتْ مِنْ وَجْهِهِ كُلُّ خَطِيْئَةٍ نَظَرَ إِلَيْهَا بِعَيْنَيْهِ مَعَ الْمَاءِ، أَوْ مَعَ آخِرِ قَطْرِ الْمَاءِ، فَإِذَا غَسَلَ يَدَيْهِ خَرَجَتْ مِنْ يَدَيْهِ كُلُّ خَطِيْئَةٍ بَطَشَتْهَا يَدَاهُ مَعَ الْمَاءِ، أَوْ مَعَ آخِرِ قَطْرِ الْمَاءِ, فَإِذَا غَسَلَ رِجْلَيْهِ خَرَجَتْ كُلُّ خَطِيْئَةٍ مَشَتْهَا رِجْلَاهُ مَعَ الْمَاءِ، أَوْ مَعَ آخِرِ قَطْرِ الْمَاءِ، حَتَّى يَخْرُجَ نَقِيًّا مِنَ الذُّنُوبِ)». رَوَاهُ مُسْلِمٌ

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): [kapag nagsagawa ng Wudu ang isang lingkod na Muslim o mananampalataya at hinugasan niya ang kanyang mukha, lumabas mula sa kanyang mukha ang lahat ng kasalanan na nakita ng dalawang mata niya kasabay ng tubig, o kasabay ng pinakahuling patak ng tubig, at kapag hinugasan niya ang kanyang dalawang kamay, lumabas mula sa kanyang mga kamay ang lahat ng kasalanan na naabot ng dalawang kamay niya kasabay ng tubig o kasabay ng pinakahuling patak ng tubig, at kapag hinugasan niya ang kanyang dalawang paa, lumabas mula sa dalawang paa niya ang lahat ng kasalanang nalakaran ng dalawang paa niya, kasabay ng tubig o kasabay ng pinakahuling patak ng tubig, hanggang sa siya ay lalabas nang dalisay sa kalinisan mula sa mga kasalanan]". Isinalaysay ni Muslim

عَنْ عَلِيٍّ بْنِ أَبِيْ طَالِبٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، قَالَ: «قَالَ رَسُوْلُ اللهِ ﷺ: (مِفْتَاحُ الصَّلَاةِ الطُّهُوْرِ)». رَوَاهُ أَبُوْ دَاوُدُ وَالتِّرْمِذِيُّ

Si Ali ibn Abu Thalib (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): [Ang susi ng Salah ay ang paglilinis]". Isinalaysay ni Abu Daud at At-Tirmidhi

**Ang mga kundisyon ng Wudu':**

1- An-**Niyyah** (Ang layunin sa paglilinis).
2- Ang paggamit ng malinis na tubig.
Ang malinis na tubig ay tulad halimbawa ng: (tubig ng ulan, tubig ng dagat, tubig sa balon)
At ang tubig na hindi malinis ay ang tubig na nahaluan ng maruruming (bagay) na napapalitan ang lasa ng tubig, kulay o ang amoy nito), tulad halimbawa ng tubig na umaagos.
3- Ang pag-alis sa anumang tumatakip sa balat, at pumipigil sa tubig sa pagsayad nito sa mga parte ng katawan na ubligadong hugasan sa Wudu', (tulad halimbawa ng makapal na pintura o mahigpit na relo….).

# ANG PAMAMARAAN NG PAGSASAGAWA SA WUDU'

**Ang mga ubligado sa Wudu':**
1- Ang paghugas sa lahat ng bahagi ng mukha (kasama na rito ang pagmumog at ang pagsingot ng tubig).
2- Ang paghugas ng dalawang kamay hanggang siko (magsimula muna sa kanan at saka isunod ang kaliwa).
3- Ang pagpahid sa ulo at dalawang tainga.
4- Ang paghugas sa dalawang paa hanggang bukong-bukong (magsimula muna sa kanan at saka isunod ang kaliwa).
5- Ang pagkasunud-sunod at tuloy-tuloy.

**Ang mga Sunnah sa Wudu':**
1- Ang pagsabi ng **Bismillah** (bago magsimula).
2- Ang paghugas ng dalawang kamay nang tatlong beses, (ubligado ito sa paggising mula sa pagkakatulog), at maiging hugasan nang mabuti ang mga daliri.
3- Ang pagmumog at pagsinga ng tubig na ipinasok sa ilong nang tatlong beses.
4- Ang paghugas sa mukha o paghilamos nang tatlong beses.
5- Ang pagkuskus sa balbas.
6- Ang paghugas sa kanang kamay hanggang siko, at pagkatapos ay ang kaliwang kamay nang (3x).
7- Ang pagpahid sa ulo mula noo hanggang batok at pabalik mula batok hanggang noo.
8- Ang paghugas sa kanang paa hanggang bukong-bukong at pagkatapos ay ang kaliwang paa nang (3x).
9- Ang pag-dua' (panalangin) pagkatapos ng Wudu', upang pagsamahin ang ispirituwal at pisikal na paglilinis.
**Ashhadu alla ilaaha illallah, wahdahu laa shareeka lah, wa ashhadu anna muhammadan rasoolullah. Allaahummaj `alnee minat tawwaabeen waj `alnee minal mutatahhireeen** (Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ang tanging nag-iisa, wala Siyang katambal, at ako rin ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah. O Allah! Gawin Mo po akong kabilang sa mga nagsisisi, at gawin Mo po akong kabilang sa mga mapaglinis).

**Ang mga nakapagpapawalang-bisa sa Wudu':**

**Hadath asgar:** (minor defilement).
1- Ang pag-ihi, pagdumi at pag-utot.
2- Ang pagkatulog nang mahimbing, o pagkawala ng malay.
3- Ang paghawak sa ari nang walang anumang sapin (na may pagnanasa).
4- Ang pagkain ng karne ng kamelyo.

# ANG PAGPUPUNAS SA MEDYAS

عَنِ الْـمُغِيْرَةِ بْنِ شُعْبَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، قَالَ: «كُنْتُ مَعَ النَّبِيِّ صلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ وَهُوَ يَتَوَضَّأُ، فَأَهْوَيْتُ لِأُنْزِعَ خُفَّيْهِ، فَقَالَ: (دَعْهُمَا؛ فَإِنِّيْ أَدْخَلْتُهُمَا طَاهِرَتَيْنِ، فمَسَحَ عَلَيْهِمَا)». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمٌ

Si Al-Mughirah ibn Shu`bah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: [Kasama ko noon ang Propeta (ﷺ), habang siya ay nagsasagawa ng Wudu, tinangka kong alisin ang kanyang suot sa paa, subali't kanyang sinabi: Hayaan mo na, dahil isinuot ko ang mga ito na malinis, at pinunasan niya ang ibabaw ng mga ito]". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

**Ang mga kundisyon ng pagpupunas sa medyas:**

1- Ang maging nasa ganap na kalinisan habang isinusuot ito.

2- Ang maging kapwa itong malaya sa mga marurumi.

3- Nararapat na hindi lalampas ang pagpapahid sa oras na itinakda para rito.

* **Ang hindi naglalakbay**: Isang araw (24 oras).

* **Ang naglalakbay**: Tatlong araw (72 oras).

**Puna:** Magsisimula ang oras nito sa unang  pagpahid pa lamang.

4- Na ang bahaging ubligadong hugasan ay natatakpan.

5- Na ang mga ito ay maging kapwang **Halal** ( hindi ninakaw).

**Ang pamamaraan ng pagpupunas sa medyas:**

1- Binabasa ang dalawang kamay.

2- Papahiran ng basang kamay ang ibabaw ng paa (mula sa dulo ng mga daliri hanggang sa unang bahagi ng binti).

3- Pupunasan ng kanang kamay ang kanang paa, at ng kaliwang kamay ang kaliwang paa.

**Ang mga nakapagpapawalang-bisa sa pagpupunas ng medyas:**

1- Ang paghubad sa dalawang medyas.

2- Ang mga kahilingan ng pagpaligo upang ito'y maging sapilitan.

3- Pagkatapos ng itinakdang oras (sa pagpahid).

# AL-GHUSL
## (Ang Paghugas sa Lahat ng Bahagi ng Katawan)

Ang Allah ay nagsabi sa banal na Qur’an: ﴿وَإِنْ كُنْتُمْ جُنُباً فَاطَّهَّرُوْا﴾

{At kung kayo ay nasa kalagayan ng Junub, dapat kayong maglinis}. Al-Ma`idah (5): 6

**Ang mga dahilan upang nagiging sapilitan ang pagligo:**
1- Paglabas ng punlay (sa pamamagitan ng panaginip, pagyakap o paghalik, atbp.)
2- Pakikipagtalik (na kahit pa hindi lumabas ang punlay).
3- Pagtigil ng regla (sa mga kababaihan).
4- Pagtigil ng **Nifas** (pagdurugo matapos manganak).
5- Kapag yumakap sa Islam ang isang **Kafir** (hindi muslim).
6- Kapag namatay ang isang Muslim.

## ANG PAMAMARAAN NG GHUSL

**Ang mga sapilitan sa Ghusl:**
1- **An-Niyyah** (ang layunin sa paglilinis).
2- Ang paghugas sa lahat ng bahagi ng katawan (kasama na rito ang pagmumog at pagsinga ng tubig na ipinasok sa ilong).
3- Ang pagkuskus ng buhok.

**Ang mga Sunnah (hindi ubligado) sa Ghusl:**
1- Ang pagbigkas ng **Bismillah**.
2- Ang paghugas sa dalawang palad nang (3x).
3- Ang paghugas sa ari sa pamamagitan ng kaliwang kamay at ang pag-alis ng dumi nito.
4- Ang pagsasagawa ng Wudu’.
5- Ang paghugas at pagkuskos sa buhok nang (3x).
6- Ang paghugas sa lahat ng bahagi ng katawan, magsimula sa kanang bahagi ng katawan at saka isunod ang kaliwa.

**Ang mga gawain na ubligadong maglinis dito:**
**1). Paglilinis mula sa maliit na Hadath** (Tulad halimbawa ng pagka-utot, pagdumi at atbp.) sa pamamagitan ng Wudu':
1- Ang pagsasagawa ng Salah.
2- Ang pagsasagawa ngTawaf (pag-ikot) sa palibot ng Ka’bah.
3- Ang paghawak ng Qur’an.
**2). Paglilinis mula sa malaking Hadath** (Tulad halimbawa ng pagtigil ng regla o ng pagdurugo matapos manganak, atbp.) sa pamamagitan ng Ghusl**:**
1- Ang lahat ng nabanggit sa maliit na Hadath.
2- Ang pagbasa ng Qur’an maging sa pamamagitan ng pagsasa-ulo.
3- Ang pagtigil (o pananatili) sa loob ng Masjid.

**Ang mga kundisyon ng Salah:**

1- Ang Islam (pagka-Muslim).
2- Ang pagka-wastong pag-iisip.
3- Ang pagka-wastong gulang.
4- Ang pagpasok ng takdang oras nito.

| **Mga Ubligadong Salah** | **Mga Bilang ng Rak`ah** | **Mga Takdang Oras ng Salah** |
|---|---|---|
| Fajr | (2) Rak`ah | Simula sa pagsapit ng bukang-liwayway hanggang sa pagsikat ng araw. |
| Dhuhr | (4) Rak`ah | Pagkalipas ng tanghaling tapat hanggang sa oras ng Asr (kung kailan na ang anino ng isang bagay ay kasukat nito). |
| Asr | (4) Rak`ah | Simula sa oras ng Asr hanggang sa paglubog ng araw. |
| Maghrib | (3) Rak`ah | Simula sa paglubog ng araw hanggang sa maglaho ang karimlan. |
| Isha’ | (4) Rak`ah | Simula sa paglaho ng karimlan hanggang sa hating-gabi. |

5- Ang pagtakip sa **Awrah** (bahagi ng katawan na ubligadong takpan).
Sa mga kalalakihan: Mula sa pusod hanggang sa tuhod.
Sa mga kababaihan: Ang lahat ng katawan maliban sa mukha at dalawang palad habang nasa Salah.
6- Ang paglilinis:
Mula sa **Hadath ashgar**: (Tulad ng pag-ihi, pagdumi atbp.).
Mula sa **Hadath akbar**: (Tulad ng pagkatapos makipagtalik, pagtigil ng regla atbp.).
7- Ang pag-alis o pagtanggal sa mga maruruming bagay (**Najs**).
Mula sa katawan, sa mga damit at sa lugar na pinagsasagawaan ng Salah.
8- Ang pagharap sa **Qiblah** (**Ka`bah**):
9- Ang **Niyyah**: (Layunin sa pagsasagawa ng Salah).

# ANG PAMAMARAAN SA PAGSASAGAWA NG SALAH

عَنْ مَالِكٍ بْنِ الْحُوَيْرِثِ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، قَالَ: «قَالَ رَسُوْلُ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: (صَلُّوْا كَمَا رَأَيْتُمُوْنِيْ أُصَلِّيْ) ». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ

Si Malik ibn Al-Huwayrith (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): [Isagawa ninyo ang Salah nang tulad ng nakikita ninyong pagsasagawa ko sa Salah]". Isinalaysay ni Al-Bukhari

1- Tatayo nang matuwid.
2- Bigkasin ang **Takbiratul Ihram** (o ang **Allaahu akbar**), habang itinataas ang dalawang kamay sa tapat ng dalawang tainga o dalawang balikat, at pagkatapos ay ilagay ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay sa tapat ng dibdib, at pagkatapos ay bigkasin ang pambungad na Dua' habang nakatutok ang paningin sa bahaging lugar na pagpapatirapaan: **Subhaanakal laahumma wa bihamdika wa tabaarakasmuka wa ta`ala jadduka wa laa ilaaha ghayruk** (O Allah! Sumaiyo ang kaluwalhatian at ang pagpupuri, maluwalhati ang Iyong pangalan, kataas-taasan ang Iyong karangalan, sapagkat walang ibang diyos bukod pa sa Iyo).
3- Bigkasin ang: **A`oodhu billaahi minash shaytaanir rajeem** (Ako ay nagpapakupkup sa Allah laban kay Satanas na isinumpa), at pagkatapos ay isunod ang: **Bismillaahir rahmaanir raheem** (Sa ngalan ng Allah ang Mapagpala, ang Mahabagin), at isunod basahin ang **Suratul Fatihah**, at pagkatapos ay sabihin ang: **Ameen** (O Allah! Dinggin Mo), at pagkatapos nito'y maaari ka nang bumasa ng ibang Surah o Ayat.
4- Yumuko habang itinataas ang dalawang kamay hanggang sa tapat ng tainga o balikat, at sabihin ang: (**Allaahu akbar**), pagkatapos ay sabihin habang nakayuko at nakahawak ang mga kamay sa tuhod ang: **Subhaana rabbiyal adheem** (Kaluwalhatian sa aking Panginoon na pinakadakila) nang tatlong beses.
5- Umangat mula sa pagkakayuko at tumayo nang matuwid habang itinataas ang dalawang kamay hanggang sa tapat ng tainga o balikat, at sabihin: **Sami Allaahu liman hamidah** (Dinidinig ng Allah ang sinumang nagpupuri sa Kanya). [Ang Imam (nangunguna sa Salah) at ang mag-isang nagsasagawa ng Salah ang magbibigkas lamang nito], at idugtong kaagad ang: **Rabbanaa wa lakal hamd** (Panginoon namin, sa Iyo po lamang nauukol ang lahat ng mga papuri). [Ito'y bibigkasin ng lahat kasama na ang mga sumusunod].
6- Magpatirapa at sabihin ang: (**Allaahu akbar**), at pagkatapos ay sabihin habang nakapatirapa: **Subhaana rabbiyal a`la** (Kaluwalhatian sa aking Panginoong Kataas-taasan) nang tatlong beses. [Sa pagpapatirapa ay marapat na nakalapat sa sahig ang pitong bahagi ng katawan: ang noo, ang ilong, ang dalawang kamay, ang dalawang tuhod at ang mga dulo ng dalawang paa], at habang inaangat ang ulo at katawan mula sa pagpapatirapa, sabihin ang: (**Allaahu Akbar).**
7- Umupo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, at sabihin habang ikaw ay nakaupo: **Rabbigh-fir lee** (Panginoon ko, patawarin Mo po ako) nang tatlong beses.
8- Muli ay magpapatirapa (ikalawang patirapa), at sabihin sa sandaling magpatirapa: (**Allaahu akbar**) at pagkatapos ay sabihin muli habang nakapatirapa: (**Subhaana rabbiyal a`la**) nang tatlong beses.

9- Tatayo muli (sa ikalawang pagtayo), at sabihin ang: (**Allaahu akbar**).

**Puna:**

Ang lahat ng naunang nabanggit na mga gawa ay tinatawag na: Isang rak`ah.

10- Sa unang **Tashahhud** habang nakaupo sa ikalawang rak`ah, sabihin ang: **Attahiyaatu lillaahi was salawaatu wat tayyibaatu, assalaamu alayka ayyuhan nabiyyu wa rahmatullaahi wa barakaatuh, assalaamu alayna wa ala ibaadillaahis saaliheen, ashhadu alla ilaaha illallaah, wa ashhadu anna muhammadan `abduhu wa rasooluh** (Ang mga pagbati, mga dasal, at mga mabubuting bagay sa buhay ay sa Allah, sumaiyo ang kapayapaan, o Propeta at gayon din ang habag at mga pagpapala ng Allah, ang kapayapaan ay mapasa amin at mapasa kanila na mga matutuwid na lingkod ng Allah. Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at ako ay sumasaksi rin na si Muhammad ay Kanyang lingkod at Sugo).

11- Sa huling **Tashahhud** habang nakaupo sa pinakahuling Rak`ah ng mga Salah, basahin ulit ang unang tashahhud at pagkatapos ay idugtong kaagad ang huling Tashahhud at sabihin: **Allaahumma salli ala muhammadin wa ala ali muhammad, kama sallayta ala ibraaheema wa ala ali ibraaheem, innaka hameedum majeed, wa baarik ala muhammadin wa ala ali Muhammad, kama baarakta ala ibraaheema wa ala ali ibraaheem, innaka hameedum majeed (**O Allah, pagpalain Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak tulad ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati. Biyayaan Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at sa kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati), at pagkatapos ay sabihin ang Du`a na sumusunod: **Allaahumma innee a`oodhu bika min adhaabi jahannama wa adhaabil qabri wa min fitnatil mahyaa wal mamaat, wa min fitnatil maseeh ad-dajjaal (**Ako ay nagpapakupkup sa Allah laban sa pasakit na matatamo sa Impiyerno at sa libingan, at laban sa tukso ng buhay at kamatayan at laban sa tukso ng bulaang Kristo).

12- **At-Tasleem** (ang pagtatapos): Pagkatapos ng Du`a, lumingon sa kanan at sabihin: **Assalaamu alaykum wa rahmatullah** (Sumainyo ang kapayapaan at awa ng Allah), at pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa at sabihin: **Assalaamu alaykum wa rahmatullah.**

13- Ang kapanatagan habang isinasagawa ang lahat ng mga gawaing ito:

**Ang mga saligan (Ruk'n) ng Salah:**

1- Ang pagtayo hanggang makakaya.

2- Ang **Takbiratul Ihram** (o panimulang Takbir, sa pamamagitan ng pagsabi ng **Allaahu akbar**).

3- Ang pagbabasa ng Suratul Fatihah (sa bawat rak'ah).

4- Ang **Ruku'** (o pagyukod).

5- Ang pag-angat mula sa pagkakayukod.

6- Ang dalawang patirapa.

7- Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang patirapa.

8- Ang pag-upo para sa huling Tashahhud.

9- Ang pagbasa sa huling Tashahhud.
10- Ang **Tasleem** (o ang pagsabi ng **Assalaamu alaykum wa rahmatullah**).
11- Ang kapanatagan.
12- Ang pagkasunud-sunod.

**<u>Puna</u>:** kapag nakaligtaan ang isang saligan nang pasadya, ang Salah ay nawalan na ng saysay, ngunit kapag nakaligtaan nang hindi sinadya, isagawa ang naturang saligan, at pagkatapos ay magsagawa ng **Sujood as-Sahhu** (dalawang karagdagang patirapa)**.**

**Ang mga sapilitan (Wajib) sa Salah:**

1- Ang lahat ng mga Takbir maliban sa **Takbiratul Ihram** (ang pinakaunang Takbir).
2- Ang pagsabi ng: **Subhaana rabbiyal adheem** (habang nakayukod).
3- Ang pagsabi ng: **Sami`allaahu liman hamidah** (para sa mag-isang nagsasagawa ng salah at sa Imam).
4- Ang pagsabi ng: **Rabbanaa lakal hamd** (pagkatapos yumukod).
5- Ang pagsabi ng: **Subhaana rabbiyal a`la** (habang nakapatirapa).
6- Ang pagsabi ng: **Rabbigh-fir lee** (sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa).
7- Ang pag-upo para sa unang Tashahhud.
8- Ang pagbigkas sa unang Tashahhud.

**Ang mga kusang loob (Sunnah) sa Salah:**

1- Ang pagpatong ng kanang kamay sa kaliwang kamay sa tapat ng dibdib.
2- Ang pagbasa sa pambungad na panalangin.
3- Ang pagtaas ng mga kamay para sa Takbir.
4- Ang pagbasa ng Surah o Ayat liban sa Suratul Fatihah.
5- Ang pag-dua' pagkatapos ng huling Tashahhud.
6- Ang pagtaas sa hintuturo habang nagsasagawa ng Tashahhud.
7- Ang pagbasa ng may tinig (ito'y para lamang sa Imam sa Salah na panghayagan).

**Ang mga nakasisira sa Salah:**

1- Ang sadyang pag-iwan ng isang Ruk'n, isang Wajib o isang kundisyon ng Salah.
2- Ang pagkawalang saysay ng Wudu'.
3- Ang sadyang pagsalita o pagtawa.
4- Ang pagkain o pag-inom nang sinasadya.
5- Ang sobrang paggalaw na hindi naman kabilang sa Salah.

**Ang mga kinasusuklaman sa Salah:**

1- Ang pagtingala, pagpikit o pagtingin sa kapaligiran.
2- Ang paggalaw na hindi naman talagang kailangan.
3- Ang pagpipigil sa pag-ihi o pagdumi.
4- Ang pagsasagawa ng Salah na siyang paglapag ng pagkain na inaasam-asam.
5- Ang pagsasagawa ng Salah sa mga lugar na may mga larawan o mga rebulto.

Isinalin sa Tagalog ni: Mohammad Taha Ali
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
الطبعة الثانية – مزيدة و منقحة ١٩/١٢/١٤٣٧هـ